

Bagong Health Coverage [sakop ng segurong pangkalusugan] Para Sa Mga May-edad

Simula sa January 1, 2019, maaabot ng mas marami sa mga may-edad na nakatira sa Virginia, ang segurong mahusay, mura at walang-bayad.

1 Ano ang Bagong Health Coverage para sa mga may-edad?

Nagbago na ang mga patakaran para sa Medicaid. Ang kahulugan nito ay kung nag-apply [humiling] kayo ng Medicaid sa nakaraan at tinangihan kayo, maaaring nararapat na kayo ngayon. Simula sa November 1, 2018, mas marami pang mga tao ang maaaring mag-apply na maging karapat-dapat para sa segurong pangkalusugan. Magsisimula ang mga benefit [pakinabang] sa January 1, 2019.

Magiging nararapat na ngayon ang mga taong nagtatrabaho sa pagbenbentang tingi, pagtatayo ng mga gusali, pag-aalaga ng bata, landscaping, palinkuran pampangkain at marami pang ibang trabaho na hindi nagkakaloob ng segurong pangkalusugan.

Nagkakaloob ang mga bagong health coverage para sa mga may-edad ng mga mahalagang benefit para sa mga pamilyang mababang kinikita na, kundi kaya, hindi makakayang maabot ang pangangalagang pangkalusugan.

2 Ano ang sinasakop nito?

Ang sakop ng bagong segurong pangkalusugan para sa mga may-edad ay:

- Mga serbisyo ng doctor, hospital at pang-emergency.
- Mga niriisetang gamot
- Serbisyo pang-laboratory at x-ray
- Pangangalaga pampanganganak at pambagong silang
- Serbisyo pangmatagalang-pangangalaga at pag-alalay
- Mga serbisyo pangkalusugan sa tinitirahan
- Mga serbisyo pang-behavioral-health [kalusugan sa ugali] kabilang ang mga serbisyo pang-addiction at paggamot pampangpagaling
- Mga serbisyo pang-rehabilitation [panibagong buhay]
- Sasakyan papunta sa mga serbisyo na sakop ng Medicaid kapag walang kahaliling paraan na magagamit
- Mga serbisyo pang-family-planning [pag-ayos ng kadalasan ng panganganak]
- Mga panustos at kagamitan pampanggamot
- Mga serbisyonang pampigil ng kasakitan at kaigihan ng kalusugan at mga serbisyo pampamamahala ng namamalagin kasakitan
- At marami pa!

3 Sino ang nasasakop?

Maaaring nararapat ang mga may-edad para sa bagong health coverage kung sila ay:

- Nakatira sa Virginia
- 19 - 64 ang edad
- Hindi tumatanggap ng o nararapat sa Medicare
- Nasasapat ang mga kailanganin pangkinikita, na nag-iiba-iba ayon sa laki ng pamilya

Hangganan ng Kinikita Pang-Coverage ng May-edad (Gross [Buo])*

Laki ng Pamilya	Buwanan	Taunan
1	\$1,482	\$17,775
2	\$2,004	\$24,040
3	\$2,526	\$30,305
4	\$3,048	\$36,570
5	\$3,570	\$42,836
6	\$4,092	\$49,101

*Magkakabisa sa January 13, 2021. Isinasabay ang mga Hangganan Pangkinikita Bawat Taon.

4 Papaano ako mag-apply?

Maaari kayong mag-apply para sa health coverage sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Tawagan ang Cover Virginia Call Center sa 1-855-242-8282. May magagamit na interpreter [tagasalin sa wika]. Ipag-uugnay kayo ng aming mga kinatawan sa isang tao na nagsasalita ng inyong gustong wika.
- Ganapin ang isang application sa online sa Common Help: www.commonhelp.virginia.gov
- Ganapin ang isang application sa online sa The Health Insurance Marketplace: www.healthcare.gov
- Ibuson o ihatid ang isang papel na application sa Department of Social Services sa inyong kinaroroonan

Para sa listahan ng mga papeles na inyong kakailanganin kapag nag-apply kayo, dalawin ang www.coverva.org at mag-click sa page na Apply.